

Ang Victim/Witness Assistance Program

Ano ang Victim/Witness Assistance Program?

Kung ikaw ay biktima o saksi ng isang marahas na krimen, malamang na kailangan mong magpunta sa korte.

Ito'y maaaring mahirap at nakalilitong karanasan. Maaaring marami kang mga katanungan tungkol sa sistema ng criminal court at sa kung ano ang inaasahan sa iyo.

Naririto ang Victim/Witness Assistance Program upang tumulong. Kakausapin ka namin at bibigyan ka namin ng tulong batay sa iyong ispesipikong kaso at mga pangangailangan.

Ang aming mga serbisyo ay magsisimula oras na naghabla ang pulis at ito'y magpapatuloy hanggang sa matapos ang kaso sa korte.

Sino ang makakatanggap ng tulong?

Binibigyan ng priyoridad ang mga serbisyo sa mga biktimang nasaktan o lubos na naapektohan at sa mga saksi ng mga marahas na krimen, tulad ng karahasan sa tahanan, pag-abuso sa bata, paggahasa, pag-abuso sa nakatatanda, pagpatay ng tao at mga hate crime.

Bukod pa rito, nag-aalok kami ng tulong sa:

- mga biktimang may special needs
- mga pamilya ng mga biktimang pinatay
- mga pamilya ng mga biktimang namatay dahil naaksidente at nauwi ito sa paghabla.

May impormasyon at mga serbisyo na angkop para sa mga bata.

Paano ako makakakuha ng tulong?

Pagkatapos naghabla, papupuntahin ng pulis o Crown attorney ang mga biktima at mga saksi sa programa upang makakuha ng tulong. Kung ikaw ay biktima ng marahas na krimen, maaari ka ring tumawag upang sariling magamit ang programa o hayaan ang iba na tumawag para sa iyo. Susubukan ng mga tauhan na tawagan ka sa lalong madaling panahon upang mag-alok ng suporta at upang tumugon sa anumang alalahan sa kaligtasan.

Magkano ito?

Ang mga serbisyo ay libre sa Ontario.

Anong uri ng tulong ang makukuha?

Ang Victim/Witness Assistance Program ay:

- Makakasagot sa iyong mga katanungan tungkol sa sistema ng criminal justice, mga pamamaraan sa korte, at sa iyong tungkulin sa korte
- Makakatulong sa iyo na maunawaan kung ano ang maaasahang mangyari sa bawat petsa ng pagpunta sa korte at makakatulong silang maghanda ka kapag humarap ka sa korte
- Makapagbibigay sa iyo ng mga kopya ng papeles sa korte, tulad ng mga kondisyon para sa bail at mga utos sa probation
- Makokontak nila para sa iyo ang Crown attorney o ang pulis na humahawak sa iyong kaso
- Makapag-aalok ng emosyonal na suporta sa buong proseso ng korte
- Papupuntahin ka nila sa mga ahensiya sa komunidad para sa ibang mga serbisyong maaaring kailangan mo, tulad ng counselling at pagpapalano ng kaligtasan
- Makakakuha ng mga interpreter sa mga kaso ng karahasan sa tahanan at makapagbibigay ng tulong kapag may special needs
- Matutulungan kang maunawaan at sumulat ng isang Pahayag ng Epekto sa Biktima.

Hindi magagawa ng programa ang sumusunod:

- tumanggap ng iyong ebidensiya o talakayin ito
- bawiin ang habla
- makapagbigay o makapag-asikaso ng childcare
- makapagbigay ng transportasyon papunta sa at pabalik mula sa korte.

Paano makokontak ang programa?

Ang Victim/Witness Assistance Program ay inaalok ng Ministry of the Attorney General sa lahat ng 54 court districts.

Upang mahanap ang opisinang pinakamalapit sa iyo, tawagan ang

Victim Support Line

nang libre sa 1-888-579-2888 o sa

416-314-2447 sa Greater Toronto Area

o bisitahin ang

www.ontario.ca/victimservices

(Tagalog)